# SAGUTAN NATIN ANG SENSUS.

## Ang pag-kumpleto sa Sensus ay paglaban sa ating dignidad.

**Nagdadala ng pera, mga rekurso, at politikal na kapangyarihan sa ating komunidad ang Sensus. Malaking bagay ito, at maaaring gawin hanggang Setyembre 30.**

Ang kumpidensyal na 9-na-tanong na survey na ito ay maaaring sagutan sa loob ng 10 minuto—online man (sa my2020Census.gov) o sa telepono (844-330-2020) o sa mail (koreo).

Kapag ginagawa natin ang Sensus, nakapagdadala tayo (kayo at ng bawat tao sa kabahay ninyo) ng $20,000 sa ating komunidad sa susunod na sampung taon.

Ang wastong pagbilang ay magtitiyak ng kritikal na pondo para sa ating mga ospital, healthcare, first responder, mahahalagang serbisyong pang-emerhensya, abot-kayang pabahay, tulong sa pagkain, paaralan, pangangalaga sa bata, pampublikong transportasyon, pagsasaayos ng mga daanan, at marami pang iba.

Kapag kinumpleto ang Sensus, pinoprotektahan nito ang ating boses, kapangyarihan sa pagboto, at patas na representasyon sa gobyerno. Natutukoy din ng partisipasyon natin ang kapangyarihan ng ating estado sa electoral college (mga nauupong representante ng ating estado para sa paghalal ng presidente at bise-presidente sa US). Kapag nagkulang ang ating bilang, maaaring tanggalan ang estado natin ng isa sa mga upuan na pinanghahawakan natin sa loob ng House of Representatives (at maaari din ibigay ang ating upuan sa ibang estado sa susunod na dekada!!).

Lahat ay may karapatan na makilahok ng ligtas. Opo, lahat—citizen man o  hindi—pati ang mga sanggol, kabilang din. At kahit ano pa man ang inyong nadinig, walang tanong tungkol sa citizenship sa loob ng 2020 Sensus.

**Kailangan nating labanan para hindi tayo mabura sa lipunan at angkinin natin ang ating patas na bahagi. Ngayon na ang ating panahon na gawin ang Sensus.**




Para sa impormasyon:
**www.ComeToYourCensus.us**
**#ComeToYourCensus**

Ilustración:
**Andrew Li of Creativity Explored**
'Buses, Bikes, Scooters and Cars'

ART + ACTION